

APPLICATION

- Minsan ba ay itinuturing mo ang iyong mga ugnayan at ministeryo bilang isang kompetisyon? Sa tingin mo, paano binabago ni Jesus ang iyong pag-iisip at pamumuhay ngayon?
- Ano ang isang bagay na maaari ninyong gawin upang lumago sa pakikipag-ugnayan ninyo sa isa't isa? Paano ninyo mapaglilingkuran ang isa't isa simula sa linggong ito?
- Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pagtanggap *"sa batang tulad nito"* sa pangalan ni Jesus? Paano mo matatanggap ang mga kailangang makakilala kay Cristo ngayon?

PRAYER

- Pasalamatang Diyos sa pag-akay Niya sa iyo tungo sa Kanyang pamilya at sa pagligtas Niya sa iyo. Pasalamatang Siya para sa mga ugnayang binigay Niya para pagpalain ka.
- Ipanalangin na ang mga ugnayan mo ay maitatag kay Cristo at kakitaan ng pagmamahal at paglilingkod. Kung kinakailangan, magsisi sa pakikipagkumpitensya mo sa iyong mga ugnayan.
- Ipanalangin na marami ang mapalapit kay Cristo dahil sa pag-ibig ng Diyos na inihayag sa mundo sa pamamagitan ng Iglesya.

DESIGNED FOR Relationships

Pakikipag-ugnayan sa Iba

WEEK 3

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na madaling makairita sayo?
- Paano mo masasabi na ang isang tao ay makasarili? Anong mga kilos o pag-uugali ang sa tingin mo ay tatawag ng iyong pansin?
- Itinuturing mo ba ang iyong sarili bilang isang taong mapagkumpitensya? Balikan ang isang pagkakataong nagpapaliwanag nito.

WORD ³³*Dumating sila sa Capernaum. At nang nasa bahay na sila, tinanong sila ni Jesus, "Ano ba ang pinagtatalunan ninyo kanina sa daan?"* ³⁴*Hindi sila sumagot, dahil ang pinagtatalunan nila ay kung sino sa kanila ang pinakadakila.* ³⁵*Kaya umupo si Jesus at tinawag ang 12 apostol, at sinabi sa kanila, "Ang sinuman sa inyo na gustong maging pinakadakila sa lahat ay dapat magpakababa at maging lingkod ng lahat."* **MARCOS 9:33-35**

Naisip mo na ba kung ano ang pakiramdam nang mapabilang sa mga tinawag ni Jesus noong nabubuhay pa Siya sa lupa? Bagama't magiging kapana-panabik ito, hindi ito magiging madali. Dagdag pa sa mga pagsalungat na hinarap Niya, nagkagulo rin ang Kanyang mga disipulo, na kinailangang matutong sumunod kay Jesus nang sama-sama. Tulad ng mga ugnayan sa iglesya natin ngayon, kailangan nating humanap ng paraan para magkasundo. Dinisenyo tayo ng Diyos para makipag-ugnayan sa mga kapwa natin mananampalataya—para mahalin at patawarin ang isa't isa, at sama-samang paglilingkuran si Jesus. Sa araling ito, makikita natin na ang ugnayan natin sa isa't isa ay dapat na nakabatay sa pinag-usapan ni Jesus at ng Kanyang labindalawang disipulo.

1 Ang ugnayan natin sa isa't isa ay dapat kakitaan ng pagtutulungan at hindi kompetisyon.

Hindi sila sumagot, dahil ang pinagtatalunan nila ay kung sino sa kanila ang pinakadakila. MARCOS 9:34

Sa sinaunang kulturang Romano, nakikilala ang pinakadakilang tao sa pamamagitan ng direktang pakikipagharap sa iba. Dahil dito, masisisi mo ba talaga ang mga disipulo sa kagustuhan nilang maging dakila at kahit paano ay makipagkumpitensya sa isa't isa? Bahagi ito ng pagiging likas na makasalanan ng tao. Kaya diretso itong hinarap ni Jesus at tinanong Niya kung ano ang pinag-uusapan nila. Si Jesus ay may kakayahang harapin kung ano ba talaga ang kailangang ituwid sa ating mga buhay. Sa kaharian ng Diyos, ang mga ugnayan natin ay dinisenyo para sa pagmamahalan at hindi para sa kompetisyon o makasariling kagustuhan. Tinawag tayo upang ibahagi ang buhay natin sa isa't isa nang may iisang layunin—ang makipag-ugnayan sa mga naliligaw ng landas at makapagdisipulo. Anong mga panganib ang dala ng kaisipan na ang ugnayan sa pagitan ng mga mananampalataya ay isang kompetisyon? Sa halip, paano tayo makakapagtulungan para sa pagsulong ng kaharian ng Diyos?

.....
.....
.....
.....

2 Ang ugnayan natin sa isa't isa ay dapat kakitaan ng paglilingkod at hindi ng kagustuhang mapaglingkuran.

Kaya umupo si Jesus at tinawag ang 12 apostol, at sinabi sa kanila, "Ang sinuman sa inyo na gustong maging pinakadakila sa lahat ay dapat magpakababa at maging lingkod ng lahat."

MARCOS 9:35

Binigyan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo ng mahalagang prinsipyo sa pamumuno na hindi nila (at hindi rin natin) dapat kalimutan: Maglingkod. Kung iniisip nating mas mahusay tayo kaysa sa iba, maaaring umasa tayo na paglilingkuran

.....
.....
.....

tayo ng iba o maaaring tanggihan natin ang paglilingkod sa iba. Pero sinabi ni Jesus na ang mga mangunguna—ang mga namumuno—ay dapat maging huli at maglingkod sa lahat. Paano ito sumasalungat sa mga nakasanayan natin bilang isang lipunan? Ano sa palagay mo ang naging reaksyon ng mga disipulo dito? Paano nila ito natutunang isapuso?

.....
.....
.....
.....

3 Si Cristo ang dapat na pundasyon ng ugnayan natin sa isa't isa at hindi ang mga pagkakatulad sa kultura.

³⁶Kumuha si Jesus ng isang maliit na bata at pinatayo sa harapan nila. Pagkatapos, kinalong niya ito at sinabi sa kanila, ³⁷"Ang sinumang tumatanggap sa batang tulad nito dahil sa akin ay tumatanggap din sa akin. At ang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa aking Amang nagsugo sa akin." MARCOS 9:36-37

Ang kadalasang nagbubuklod sa mga tao ay ang mga bagay na magkakarapareho sa kanilang kultura. Pero kung sa ating mga sarili lang, maaaring karamihan sa atin ay wala gaanong pagkakatulad kung wala si Cristo at malamang ay hindi tayo magkakasundo-sundo. Ngunit ngayong tayo ay magkakapatid na kay Cristo, dapat tayong mamuhay sa paraang magbibigay-parangal sa Diyos lamang, sa kabila ng mga pagkakaiba natin. Binago ni Jesus ang pag-iisip ng Kanyang mga disipulo. Itinuro Niya sa kanila na ang ating ugnayan sa isa't isa ay dapat na nakabatay sa ating ugnayan sa Kanya. Kapag naintindihan natin na ang pagtanggap sa ating mga kapatid ay nangangahulugan ng pagtanggap kay Cristo at sa Ama, babaguhin nito ang paraan ng pakikipag-ugnayan natin sa isa't isa. Ano ang sinasabi ng Mateo 25:35-40 tungkol sa dapat na pakikitungo natin sa kapwa natin mananampalataya.

.....
.....
.....
.....